TOMO 38 BILANG 10 BASAHIN AT TALAKAYIN OKTUBRE 2018

# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

EDITORYAL

## Buong-tapang na labanan ang lahat ng teroristang pakana ni Duterte

Nananaginip nang gising si Duterte sa pag-aakalang kaya niyang pigilan ang paglakas ng rebolusyunaryong kilusang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pamamagitan ng kanyang kathang-isip na "Red October Plot." Malaking kabalintunaan at katawa-tawa ang ipinagkakalat ni DND Sec. Delfin Lorenzana na napigilan nila ang pakanang ito na sila mismo ang lumikha.

Sa pangunguna ng mga militaristang tuta ng rehimeng US-Duterte, nagpapakalat ng mga malisyoso at walang batayang impormasyon ang AFP na nagdadawit sa iba't ibang pamantasan, unyon ng mga manggagawa at mga organisasyong masa sa PKP at itinuturing ni Duterte na banta sa diumano'y istabilidad ng kanyang rehimen. Bukambibig nina AFP Chief of Staff Gen. Carlito Galvez at Deputy Chief for Operations Brig. Gen. Antonio Parlade ang diumano'y "usapan sa telepono" ng mga lider ng PKP at ibang grupo tulad ng mga ligal na organisasyon, Magdalo at Liberal Party para pabagsakin ang rehimeng US-Duterte na sa katunaya'y mga hinabing kwento lamang.

Sa pamamagitan ng kanyang Red October Plot, nilalayon ni Duterte na siraan ang mga lehitimong pakikibaka ng mamamayan na bunga ng pagtindi ng pang-ekonomiyang krisis na nararanasan sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Tinatangkang pagtakpan ni Duterte ang resulta ng kanyang mga anti-mamamayang patakaran na higit lamang na nagpahirap sa buhay ng maralitang Pilipino.

Sa pag-iimbento ng Red October Plot, isinasalang ni Duterte ang maraming mga sibilyang institusyon, organisasyon at indibidwal sa mga teroristang balakin ng AFP-PNP katulad noong panahon ng Martial Law ng diktadurang US-Marcos. Kung tutuusin, ang lumalawak na bilang ng mamamayang lumalaban sa paghahari ni Duterte na mismo ang siyang pangunahing kumikilos para pabagsakin ang tiraniko at pasistang rehimen. Sa kanila nakatuon ang Red October Plot ni Duterte upang pagtakpan ang matinding krisis na dinaranas ng sambayanang Pilipino dulot ng mga anti-mamamayang patakaran ng kanyang rehimen.

Desperado si Duterte na kumapit sa kapangyarihan habang iniraratsada nito ang pagtatatag ng pasistang paghahari sa pamamagitan ng pakanang *charter change* tungong pederalismo o sa binabalak na Martial Law sa buong bansa. Layunin ni Duterte na ilihis ang mamamayan sa landas ng rebolusyon gamit ang *shock and terror approach* na tatak ng kanyang mga kaalyadong sina Arroyo at Marcos.

Sa Timog Katagalugan, isinama ni Duterte sa mistulang "Order of Battle" na listahang inilabas ng kanyang rehimen ang mga lider-masa sa rehiyon, bukod pa sa pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso sa mga piling indibidwal na pinararatangang may kinalaman sa



KALATAS

OKTUBRE 2018
Tomo 38 Bilang 10

**NILALAMAN**

1 *Editoryal*

3 *Krisis sa bigas, pinalala ni Duterte*

5 *Ang papel ng kabataan para sa pagbabagong panlipunan*

7 *1989  1992: Pagrekober sa pinasalang dulot ng Kahibangan habang nagpapatuloy ang "kaliwa" at kanang oportunismo*

8 *Rizal: Energy source ng mga malalaking negosyante sa bansa*

9 *Bantay Kaparatan*

10 *Kultura*

Ang **KALATAS** ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng **Marxismo-Leninismo-Maoismo.** Inilalathala ito ng **Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.**

Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:

st.kalatas@gmail.com
balikwastk.wordpress.com

rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Target din ng malawakang pagpaslang at pagdukot ng AFP ang mga lider-masa, aktibista at kanilang mga pamilya na pinaghihinalaang sumusuporta sa Partido at Hukbong Bayan. Samantala, nagpapatuloy ang pagmamanman at pananakot ng mga elemento ng AFP-PNP sa mga lider-masa at aktibista sa rehiyon. Nito lamang Oktubre 15, pinaslang ng AFP si Victor Villafranca, kasapi ng Haliging Batangueñong Anakdagat (HABAGAT) sa Lian, Batangas.

Sa ilalim ng kanyang Red October Plot, nais idawit ni Duterte ang mga maralitang lunsod na nakikibaka para sa disenteng pabahay sa Rizal sa pagpapaigting pa ng mga inilulunsad na operasyong militar sa lalawigan. Pinalalabas ng AFP-PNP na himpilan ng NPA ang *farm* na nireyd nila kamakailan sa Teresa, Rizal at na ang mga armas na nakuha rito ay pagmamay-ari ng Pulang hukbo at may kaugnayan sa Red October Plot. Nagpapatuloy pa rin ang mga operasyong militar sa probinsya na pangunahing pumipinsala sa kabuhayan ng mga grupong Dumagat at Remontado na nagsimula noon pang Enero 2018. Ganito rin ang nararanasan ng mga magsasaka at pambansang minorya sa Quezon, Mindoro, Palawan at Batangas.

Sa Quezon, pinagmumukhang terorista ng 85th IBPA ang Pulang hukbo sa pamamagitan ng paglalabas ng pekeng listahan ng mga taong diumano'y target patayin ng BHB. Samantala, sa bawat papulong sa mga taumbaryo na inilulunsad ng pasistang militar sa Mindoro, ipinapakita nila ang mga litrato ng mga Pulang mandirigma na tila mga kriminal kasabay ng paglalahad ng mga *black propaganda* sa mga ito at ang pag-aanunsyo ng kanilang mga diumano'y pabuya para sa pagkadakip o pagpatay sa mga ito.

Tinatarget naman ng programang pagpapasuko na Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP) ang mga pinaghihinalaang kasapi ng Partido sa lokalidad, mga lider-masa at aktibista para palabasing epektibo ang ginagawang mga operasyong saywar sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Ipinapangalandakan ng AFP na marami na ang sumukong Pulang mandirigma na sa katunaya'y mga dati nang sumuko at mga sibilyang biktima ng pananakot nila. Hindi lamang iilan sa mga "pinasuko" ang nakararanas ng patuloy na pananakot at presyur upang makipagtulungan at magpagamit sa mga operasyong militar ng AFP-PNP at papatayin matapos silang pakinabangan tulad ni Mario Versoza na pinaslang noong 2017 sa Oriental Mindoro.

Nakahanda si Duterte na gawin ang lahat para lamang manatili ito sa estado-poder at itatag ang pasistang paghahari sa buong bansa. Ngunit habang kapit-tuko ito sa kapangyarihan, higit na pagdurusa naman ang nararanasan ng mamamayan dahil sa panlipunang ligalig at ibayong krisis sa ekonomiya. Ang mamamayan ang pumapasan sa papatinding krisis na idinudulot ng rehimeng US-Duterte. Sila ang pangunahing biktima ng kanyang kainutilan at pagpapakatuta sa imperyalismong US at lokal na naghaharing-uri.

Hindi palalampasin ng sambayanan ang anumang pakanang anti-mamamayan ng rehimeng US-Duterte. Si Duterte, mga alipures nito at ang AFP ang tunay na terorista na dapat na papanagutin para sa lahat ng kanilang mga atrosidad at krimen laban sa mamamayan. Tiyak na higit na babangis ang gerang inilulunsad ni Duterte laban sa

# Krisis sa bigas, pinalala ni Duterte

Diretso sa sikmura ng taumbayan ang tama ng kainutilan at kapabayaan ng rehimeng US-Duterte. Mula nang isabatas ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) noong 2017, wala nang awat ang pagtaas ng presyo ng mga batayang bilihin at pagkain. Tumampok sa mga nagmahal na bilihin ang batayang pagkain na bigas, na ngayo'y nag-aabereyds ang presyo sa P48-49 kada kilo sa palengke.

Sa tala ng reaksyunaryong gubyerno, 17% ang itinaas ng presyo ng bigas mula 2017. Matindi ang epekto nito sa 60 milyong mahirap na pamilyang Pilipino na tinatayang nabawasan ng P1,276 hanggang P3,489 ang buwanang kita bunsod ng pagtaas ng *inflation* ngayong taon.

Katambal ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin ang pagbaba ng suplay ng bigas mula sa National Food Authority (NFA) na mas abot-kaya ng mahihirap na pamilya. Nasaid ang *buffer stock* ng NFA na naging dahilan ng pagliit o tuluyang pagkaubos ng murang bigas sa pamilihan. Itanggi man ng rehimen na may krisis sa suplay, kitang-kita na sa mahahabang pila sa mga palengke at restriksyon sa dami ng pwedeng bilhin na NFA rice ang kakulangan o shortage nito.

Totoong malaking salik sa pagsirit ng presyo ng bigas ang TRAIN Law, ngunit hindi bago ang ganitong usapin sa bansa. Sintomas ng malalim at matagal nang suliranin sa agrikultura ang kasalukuyang problema sa bigas na pumutok kasabay ng iba pang isyung pang-ekonomiko gaya ng *oil price hike* at pagtaas ng *inflation.*

Ang hindi matiyak na suplay at kawalan ng kontrol sa presyo ng bigas ang naglalantad sa atrasadong kalagayan ng agrikultura at nagpapatunay sa kawalang interes ng reaksyunaryong gubyerno na siguruhin ang kasapatan ng pangunahing pagkain ng mamamayan. Ito ay batayang katangian at kontradiksyon ng isang malakolonyal at malapyudal na lipunan gaya ng sa Pilipinas.

**Pyudalismo at krisis sa produksyon**

Inaanak ng monopolyo sa gamit sa produksyon at pagsasamantalang pyudal at malapyudal sa kanayunan ang krisis sa industriya ng bigas. Kontrolado ng mga panginoong maylupa (PML) o di kaya'y sakop ng malalaking agro-industriya ang ekta-ektaryang produktibong lupain. Sistematiko rin ang pagbabagong-gamit sa mga lupaing agrikultural o land use conversion para bigyang-daan ang pagtatayo ng mga gusaling komersyal, industriyal, o pang-ekoturismo. Sa ganitong kalagayan, hindi nakapagtatakang mayorya ng mga magsasaka sa buong bansa ang walang sariling lupa.

Hinaharap rin ng magsasaka ang mahirap at magastos na produksyon ng bigas. Walang suporta ang reaksyunaryong gubyerno sa mga magbubukid kaya marami sa maralita at maliliit na magsasaka ang walang maayos na patubig, nababaon sa utang sa mahal ng mga *inputs* at nalulugi sa tuwing tatamaan ng kalamidad ang kanilang pananim. Kakaunti lang ang may akses sa makinang pangsaka gaya ng *harvester* o *handtractor* na magpapabilis at magpapadali sa proseso ng produksyon.

Bukod sa mahirap at magastos ang pagtatanim ng palay, mahina pa ang kita rito dahil sa pambabarat at manipulasyon ng mga komersyante at ng mismong reaksyunaryong gubyerno. Sa napakatagal na panahon ay P17 kada kilo ang *buying price* ng NFA sa palay ng lokal na magsasaka, habang malayang ibinababa ng mga *trader* ang presyo kahit hanggang P16 kada kilo.

Mananatiling atrasado ang agrikultura sa ganitong kaayusan kung saan hinihigop ng mga komersyante at PML ang tubo mula sa produkto ng mga magsasaka na binibili sa barat na halaga. Imbes na mamuhunan at paunlarin ang produksyon ng bigas at iba pang produkto,

*editoryal...*

mamamayan upang mapahigpit pa nito ang hawak sa kapangyarihan.

Kaya't higit na nagiging determinado ang mamamayan na paigtingin ang kanilang pakikibaka upang wakasan na ang paghahari ni Duterte. Ang sumasagipsip na tiranya ni Duterte sa lahat ng larangan ng pamumuhay ng mamamayan ang higit na magpapahigpit sa kanilang pagtangan sa makasaysayang papel na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Katumbas ng kanilang aspirasyon sa tunay na panlipunang pagbabago, handa silang armasan ang sarili upang makamit lamang ang katarungan, demokrasya at ganap na kalayaan. Digmang bayan ang magpapabagsak sa rehimeng US-Duterte at hindi ang gawa-gawang Red October Plot. Dadaluyong ang lakas ng mamamayan sa lahat ng sulok ng bansa upang ibagsak ang rehimeng US-Duterte at isakatuparan ang kinatatakutan niyang pagwawakas ng kanyang pasistang paghahari. K

sasamsamin lamang ng lokal na naghaharing-uri ang labis na kapital para sa kanilang makasariling interes.

Isang bahagi ang produksyon ng bigas sa sektor ng agrikultura na tuluyang binansot ng paghahari ng pyudalismo at malapyudalismo sa kanayunan. Padausdos ang produktibidad ng agrikultura sa bansa, at ngayong taon nagrehistro ito ng paglago (*agricultural growth*) na mas mababa pa sa aberedys na 3.0% sa huling pitong dekada. Higit 700,000 trabaho rin ang nawala sa agrikultura mula Abril 2017 hanggang Abril 2018.

**Neoliberal na pakana**

Ang kakulangan sa suplay at labis na pagtaas ng presyo ng bigas ang ginagamit na dahilan ng rehimeng US-Duterte para palargahin ang mga neoliberal na pakana sa sektor ng agrikultura tulad ng Rice Tarrification Bill (RTB).

Ang RTB ay isang panukalang batas na mag-aamyenda sa Agricultural Tarrification Act of 1996 at magtatanggal sa kantitatibong restriksyon sa pag-iimport ng bigas. Kung maipapasa ang RTB, papayagan na kahit mga indibidwal at pribadong negosyo na mag-angkat ng bigas mula sa mga bansa gaya ng Thailand at Vietnam kapalit ng pagbabayad ng maliit na 35% taripa sa import.


Ang pagtutulak sa RTB, gaya ng pagsasabatas ng TRAIN ay alinsunod sa kumpas ng World Trade Organization (WTO). Agresibo ang rehimeng US-Duterte na maipasa ang RTB, lalo pa't Pilipinas na lang ang natitirang bansa sa WTO na may restriksyon sa agrikultura.

Pinalalabas ng rehimeng US-Duterte na makabubuti para sa agrikultura ang RTB dahil pupunan nito ang kakulangan sa suplay ng murang bigas. Nakalaan din diumano ang makokolektang taripa para sa irigasyon, *warehousing*, at *rice research.*

Salungat sa realidad ang pangakong alwan na dadalhin ng dagdag na pag-aangkat ng bigas. Nitong Hunyo, nag-import ang reaksyunaryong gubyerno ng 250,000 tonelada ng bigas, subalit hindi nito agad na napababa ang presyo ng bigas. Lumala pa ang implasyon sa bigas mula 4.7% tungong 5% sa Agosto.

Hindi rin dudulo sa pag-unlad ng agrikultura ang makokolektang taripa dahil kontra ang ganitong panukala sa palakad ng WTO. Sa balangkas ng liberalisadong kalakalan ay sistematikong babawasan ang suporta sa agrikultura, gaya ng ginawang pagkakaltas ng higit P862 milyon mula sa pondo ng Department of Agriculture para sa taong 2019.

Papawiin ng RTB ang gasinong proteksyon na mayroon sa agrikultura na maaaring humantong sa ganap na pagkalusaw ng industriya ng bigas at pagkawala ng kabuhayan ng mga magsasaka. Kapag binaha na ng bigas mula sa ibang bansa ang mga pamilihan, mahihirapan ang mga lokal na prodyuser na ibenta ang kanilang produkto dahil mas mura at mas marami ang mga produktong import. Mas pipiliin ng traders na magbenta ng *imported rice* dahil mas malaki ang kikitain nila rito kumpara sa lokal na bigas.



Hindi mainam na sumandig sa ibang bansa para sa suplay ng bigas. Sa panahon ng kagipitan sa suplay ng pagkain, maaaring tumanggi ang mga dayuhang suplayer na bentahan ng bigas ang bansa, o di kaya'y ipitin nila ang suplay kapalit ng mga tagibang na kasunduan.

Sa kabuuan, mga dayuhang mamumuhunan, malalaking lokal na komersyante sa bigas, at mga burukrata ang makikinabang sa RTB at liberalisasyon sa agrikultura. Kung nais ng mamamayan na lagutin ang ugat ng krisis sa bigas, kailangang itakwil nito ang mga huwad na solusyon ng rehimen at yakapin ang alternatibang dala ng pambansa demokratikong rebolusyon.

**Panandalian at matagalang lunas**

Makakayang lutasin ang krisis sa bigas kung mapagpasyang panghahawakan ng mamamayan pangunahin ng masang magsasaka ang programa ng pambansa demokratikong rebolusyon para sa agrikultura. Sa balangkas nito, ipapatupad ang rebolusyong agraryo (RA) na wawasak sa monopolyo sa lupa at mag-aangat sa produksyon sa pamamagitan ng

mga kilusang masa.

Pinakamahalagang sangkap ng RA ang pagbawi ng lupa mula sa mga PML at libreng pamamahagi nito sa mga magsasaka. Itatatag rin ang mga kooperatibang sakahan na layong gawing mas produktibo ang lupa. Momobilisahin rin ang mga organisasyong magsasaka upang bantayan ang mga kartel ng bigas at mapagsamantalang komersyante at *traders* sa kanayunan.

Sa panahong saklaw na ng kapangyarihan ng demoktratikong gubyernong bayan ang buong bansa ay isasabansa natin ang industriya ng bigas. Maglalaan ang gubyernong bayan ng mga parsela ng lupang eksklusibo para sa palay. Imemekanisa rin ang agrikultura upang maabot ang produksyong sasapat para pakainin ang buong sambayanan.

Ang matagumpay na pagsusulong ng RA sa kanayunan ay nakasalalay sa tatag ng mga organisasyong masa at lakas ng rebolusyonaryong hukbo. Ipinatutupad ang RA sa maksimum at minimum upang kahit sa panahon pa lang ng pagpapalakas ng rebolusyonaryong base ay maibsan ang labis na paghihirap ng masang magsasaka.

RA ang pangmatagalang solusyon, ngunit sa kagyat ay may magagawa ang kilusang masa bilang tugon sa krisis sa bigas.

Dapat patambulin ang mga kampanya para sa pagkontrol sa presyo ng mga bilihin, paglalantad sa mga *hoarder* ng bigas, at pagtutol sa liberalisasyon sa sektor ng agrikultura. Kailangan ring buuin ang malalaking protesta na magpupwersa sa rehimeng US-Duterte na bigyang subsidyo ang bigas at pagkain, sa halip na ilagak ang pondo sa mersenaryong AFP-PNP-CAFGU.

Kritikal na isyu ang kasalukuyang krisis sa bigas dahil kagyat at direkta ang epekto nito sa mamamayan. Kailangang sagpangin ang pagkakataon upang ilantad ang kabulukan ng rehimeng US-Duterte at ang kalunus-lunos na kalagayan ng masang magsasaka at agrikultura sa bansa. Puno na ang salop ng mamamayan, at nasa ating mga rebolusyonaryong pwersa ang tungkulin na pihitin ang nahihinog na pampulitikang sitwasyon tungo sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Duterte. K

## Ang papel ng mga kabataan para sa pagbabagong panlipunan

Nagiging isang malaking banta kay Duterte ang lumalawak at lumalakas na kilusang kabataan sa kalunsuran at kanayunan. Maraming kabataan ngayon ang higit na namumulat sa mga adhikain ng pambansa-demokratikong rebolusyon na tunay na tumutugon sa mga batayang karapatan ng mamamayan.

**“Makatarungan ang maghimagsik!”**

Ito ang mapanlabang sigaw ng mga kabataan sa Tsina upang igiit na baguhin ang sistema ng edukasyon sa bansa at ibagsak ang lahat ng tiwaling upisyal ng gubyerno sa yugto ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura mula 1966-1976. Tinawag silang Red Guards. Mula sa kanilang mga pakikibaka sa loob ng mga pamantasan, lumabas sila at nagtungo sa hanay ng masang anakpawis upang matamang pag-aralan ang kalagayan ng mamamayan. Ito ang dahilan kung bakit nakuha nila ang suporta ng sambayanan para maiwasto ang sistema ng edukasyon na dapat na tumutugon sa pangangailangan ng mga magsasaka at manggagawa.

Bago naman ang tagumpay ng rebolusyong Tsino, malaking papel ang ginampanan ng Kilusang Mayo Kwatro ng 1919 na nagpakilos sa daan-libong kabataan bilang talibang pwersa ng pagmumulat sa bayang Tsina. Pinukaw nila hindi lamang ang kapwa nila kabataan kundi ang masang anakpawis upang mag-alsa laban sa mapagsamantala at mapang-aping sistema. Naging saksi ang sangkatauhan sa mga nakamit na tagumpay ng Kilusang Mayo Kwatro at Red Guards na nagpapakita ng determinasyon ng mga kabataan na isulong ang rebolusyunaryong pakikibaka ng mamamayan para makamit ang tunay na demokrasya at kalayaan.

Sa buong daigdig, isang dambuhalang pwersa ang kilusang kabataang nakasandig sa lakas ng masang anakpawis sa pagdudulot ng mga rebolusyunaryong pagbabago sa kasaysayan. Ang ginawa ng Red Guards ng Tsina ay nangyari rin sa ibang bahagi ng mundo tulad sa France, United States, Germany, mga bansa sa Latin America, North Korea at Indonesia. Susi sa mga tagumpay na nakamit ng kilusang kabataan ang kanilang mahigpit na ugnayan sa masang anakpawis upang igiit ang mga panlipunang pagbabagong pakikinabangan ng mamamayan.


**Ang rebolusyonaryong kabataang Pilipino, nagmamartsa tungong kalayaan**

Sa Pilipinas, nakatatak na sa kasaysayan ang naging papel ng kilusang kabataan sa pagsusulong ng mga pambansa-demokratikong aspirasyon ng mamamayan. Hindi natinag ang maraming kabataan sa anumang pagbabantang ginagawa ng reaksyunaryong gubyerno at buong-tapang na nilabanan ang lahat ng anti-mamamayang pakana nito.

Nagmula sa hanay ng mga kabataan ang mga nanguna sa pagdadala ng linya ng digmang bayan para makamtan ang tunay na pagbabagong panlipunan. Noong panahon ng batas militar ng diktadurang US-Marcos, nanguna ang mga estudyante at guro sa paglulunsad ng mga kilos-protesta at pagkilos hindi lamang para igiit ang *academic freedom* sa loob ng mga pamantasan kundi para itambol ang mga pangunahing isyu na kinakaharap ng mamamayan. Bago ito, kumilos ang libu-libong kabataan laban sa mga patakarang anti-mamamayan ni Marcos na tinawag na Sigwa ng Unang Kwarto. Lumahok sila sa pakikibaka ng masang anakpawis at nakipamuhay sa mga manggagawa at magsasaka upang panatilihin ang mahigpit nilang ugnayan sa mga batayang sektor ng lipunang Pilipino.

Kabilang sa mga pinangunahang pagkilos ng mga progresibong estudyante at mga guro ang paglaban sa mataas na presyo ng mga produktong petrolyo at pangunahing bilihin, pagtutol sa ginagawang pananalakay ng US sa Byetnam at ang pagpapadala ng mga tropang Pilipino rito noong panahon ni Marcos. Bahagi din sila ng EDSA 1 na nagpabagsak sa diktadurang US-Marcos at EDSA 2 para patalsikin ang rehimeng US-Estrada.

Sa Timog Katagalugan, hindi matatawaran ang naging ambag ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang pamantasan para isulong ang rebolusyunaryong pakikibaka ng mamamayan. Naging bahagi sila ng mga malalaking pagkilos ng mamamayan sa rehiyon at sa Kamaynilaan na bumibigwas sa kasalukuyan at mga nagdaang rehimen. Lumabas sila ng kanilang mga pamantasan upang tumulong sa pagbubuo ng mga organisasyong masa ng masang anakpawis sa rehiyon at ilaan ang kanilang talino, panahon at buhay sa marubdob na paglilingkod sa mamamayan.




**Ang papel at tungkulin ng kabataan sa kilusang propaganda**

Ipinamalas ng mga Red Guards at kabataang lumahok sa Kilusang Mayo Kwatro sa Tsina at Sigwa ng Unang Kwarto sa Pilipinas ang pagsusulong ng kilusang propaganda na isang mahalagang tungkuling dapat na pangunahan ng mga kabataan para makamit ang tagumpay ng demokratikong rebolusyon. Layunin ng kilusang propagandang ito na itanghal ang mga rebolusyonaryong adhikain ng mamamayan laban sa mga ipinapakalat na disimpormasyon, *black propaganda* at mga *fake news* ng reaksyunaryong gubyerno. Sa kasalukuyan, pangunahing katunggali nila ang rehimeng US-Duterte na naglulunsad ng kampanyang teror at tiranya laban sa mamamayan.

Sa harap ng pampulitikang panunupil ng rehimeng US-Duterte sa mamamayan, higit na nagiging determinado ang maraming kabataan para igiit ang kanilang mga batayang karapatan at labanan ang lahat ng atake ng rehimen sa mamamayan. Nakahanda silang tahakin ang landas ng rebolusyon upang ibayong magpunyagi sa pagsusulong ng digmang bayan.

Tangan ngayon ng maraming kabataan ang mahalagang papel ng pagsusulong ng kilusang propaganda upang palaganapin sa bayan ang mga adhikain ng pambansa-demokratikong rebolusyon at buklurin ang mamamayan sa rebolusyonaryong pakikibakang anti-imperyalismo, antipasista at antipyudal. Sa patuloy na pagsalig ng mga rebolusyonaryong kabataan sa masang anakpawis, tiyak na sila'y magtatagumpay at muli nilang mapatutunayan sa buong mundo na makatarungan ang maghimasik.

## 1989-92: Pagrekober sa pinsalang dulot ng Kahibangan habang nagpapatuloy ang "kaliwa" at kanang oportunismo

Sa panahong ito, tuluyan nang naglalaho ang popularidad ni Corazon Aquino laluna matapos ang kabiguan ng kanyang rehimen na resolbahin ang krisis. Tumindi ang krisis pang-ekonomya sa anyo ng pagbaba ng halaga ng piso, at pagtaas ng presyo ng produktong petrolyo at mga pangunahing bilihin matapos ipataw ang *value added tax*. Pinalala pa ito ng pag-arangkada ng mga anti-mamamayan at maka-imperyalistang patakarang tulad ng Project CALABARZON noong 1990. Tumindi na rin ang pampulitikang paksyon sa hanay ng mga naghaharing-uri na nagtulak sa panibagong kudetang pinangunahan ng RAM-SFP-YOU. Ang pampulitikang pagkahiwalay ng rehimeng US-Corazon Aquino at paglakas ng anti-imperyalistang pakikibakang bayan ang nagtulak sa pagbabasura ng Military Bases Agreement sa pagitan ng US at Pilipinas noong 1991. Pagpasok ng taong 1992, nailuklok sa estado-poder si Fidel V. Ramos na nagpatuloy lamang ng mga anti-mamamayang patakaran ng rehimeng US-Corazon Aquino.

Sa rehiyon, kinatampukan ito ng mga taon ng pagbabangon mula sa pinsalang dulot ng kahibangan habang pinagsisikapang ikambyo-pasulong ang mga mayor na linya ng gawain. Inilunsad ang mga kampanyang pag-aaral sa mahahalagang mga dokumento ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, gawaing masa at armadong pakikibaka. Ngunit hindi pa ito ganap na naisakatuparan dahil sa pagpapatuloy ng haluan ng tama at mali noong 1989-90. Bagama't binaklas ang mayor na sangkap ng insureksyon na tipong Red Area-White Area ng Mindanao, nagpatuloy pa rin ang mayor na sangkap ng militarismo, ang adelantadong regularisasyon at adbenturismong militar sa balangkas ng istratehikong kontra-opensiba (SCO).

Sa inilunsad na ikaapat na plenum ng KRTK noong 1989, ibinaba ang paglalagom sa naganap na kahibangan. Inilinaw din ng plenum na mali ang programang *fast track/slow track insurrection* at konseptong pulitiko-militar ng tatlong mayor na makinarya na nakabatay sa pahayag ng Komite Sentral sa ika-20 anibersaryo ng Partido. Ngunit hindi pa natukoy sa panahong ito na mali ang SCO. Isinaayos din ng sentro ng rehiyon ang mga namumunong komite mula antas-KR hanggang antas KT-SMS (sangay sa *military sector*). Sa taon ding iyon, ibinaba ng KTKS ang aksyong pandisiplina sa mga kadreng responsable sa naganap na Kahibangan noong 1988.

PARTIDO
KOMUNISTA
NG PILIPINAS

Sa kalahatan, nakumpleto ang pagsasakatuparan ng programa sa rekoberi mula sa kahibangan at nailagay sa mahusay na posisyon ang Partido.

Sa ika-5 plenum ng KRTK noong 1990, tinalakay ang pahayag ng KS sa ika-21 anibersaryo ng Partido at ilang Paglilinaw sa ating mga Tungkulin ng KPKS. Sa plenum, iniatras na ang planong SCO at ipinalit ang tatlong mahahalagang sangkap ng pakikidigma: malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya; ilang elemento ng pakikidigmang makilos; at pagsusulong ng RKM at pag-aalsa sa kalunsuran.

Sa kilusang masa sa kalunsuran, inilunsad din ang pagrekober sa pinsalang dulot ng kahibangan laluna't ang mga komite sa lungsod ang isa sa pinakamatinding tinamaan. Ngunit kasabay nito ay nagpatuloy pa rin ang mga ampiyas ng insureksyonismo sa anyo ng matitindi at gasgasang aksyong masa habang kasabay ng pag-iral pa rin ng kanang oportunismo sa anyo ng repormismo at ekonomismo.

Pagpasok ng 1991-92, nakabwelo ang paglulunsad ng mga kampanyang masa sa rehiyon sa pagpapatampok ng mga pakikibakang anti-militarisasyon, anti-CALABARZON Project at iba pang lokal na mga proyekto, kampanya sa pagtataguyod sa karapatang-tao at pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal.

Kasabay ng gawaing pagrekober at muling pagpapasigla ng kilusang masa ay inilunsad sa

rehiyon ang pinatinding mga kampanyang militar ng AFP sa kanayunan na isang naging salik sa mahirap na gawaing rekoberi ng ating mga YGM. Nagpatuloy ang paglulunsad ng Oplan Lambat Bitag I (OLB I) na ipinagpatuloy ng rehimeng US-Ramos sa OLB II na kinatampukan ng estratehiyang *gradual constriction*.

Sa Mindoro, ipinatupad ang PNP experiment mula 1991-92 na layunin ang pagwasak sa rebolusyonaryong kilusan sa isla sa pamamagitan lamang ng mga pwersang PNP. Umabot sa 20 regular na kumpanya ng PNP-SAF ang ipinakat sa isla mula sa mga probinsya ng TK na sumuyod sa mga kabundukan at naghasik ng lagim sa masang magsasaka at mga katutubong Mangyan. Pinagpunyagian ng buong organisasyon ng Partido at Hukbo sa rehiyon ang pagharap sa matitinding pananalakay ng kaaway sa pamamagitan ng pag-angkop ng mga pamamaraan sa rekoberi at payong ng mga kampanyang masang anti-militarisasyon.

Nobyembre 1992, inilunsad ang ika-6 na plenum ng KR kung saan itinaguyod ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at iba pang desisyon at resolusyon ng ika-10 plenum ng KTKS. Buong giting na hinarap ng Partido ang buhay-at-kamatayang pakikibaka laban sa mga oportunistang taksil na nagnasang wasakin mula sa loob ang Partido't BHB at nilabanan ang pananalakay ng rehimeng US-Ramos sa kanyang imbing pakanang wasakin ang rebolusyunaryong kilusan mula sa labas sa pamamagitan ng Oplan Lambat Bitag III.

*Ikaapat sa serye ng mga artikulo sa pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon para sa nalalapit na ika-50 anibersaryo ng Partido.* K

## Rizal: Energy source ng malalaking negosyo sa bansa

Estratehiko ang pusisyon ng Rizal bilang isa sa mga probinsyang pinakamalapit sa Metro Manila. Balak ng malalaking negosyante na pagtayuan ito ng mga proyektong pang-enerhiya tulad ng *hydroelectric dam* para pagkunan ng enerhiya para sa mga itatayong proyektong pang-imprastruktura, pagpapatakbo ng mga engklabo at para sa pag-oopereyt ng mga kumpanya ng quarrying sa probinsya at mga kalapit na lugar.

Isa sa malalaking kumpanyang naglulunsad ng operasyong *quarry* sa probinsya ang Monte Rock Corporation na matatagpuan sa Brgy. Patiis, San Mateo. Malawakang pagkasira ng kalikasan ang dulot ng tuluy-tuloy na operasyon nito sa kabundukan ng San Mateo. Ang pagkawasak ng kabundukan ang pangunahing sanhi ng malawakang pagbaha sa mga kalapit na bayan sa Rodriguez at Antipolo City at mga kanugnog na syudad kabilang ang Marikina at Quezon City.

Sa kabila ng pinsalang idinudulot ng operasyong *quarry*, nagpapatuloy ang pagpopondo rito ng mga burukrata kapitalista kasabwat ang Department of Environment and Natural Resources. Ang mga buhangin at graba mula sa pinasabog at giniling na mga bato mula sa bundok ang ginagamit para sa pagtatayo ng mga proyektong pang-imprastruktura sa bansa. Nakatayo rin sa Rizal ang iba pang kumpanyang naglulunsad ng operasyong *quarry* tulad ng JCR Quarry and Aggregates, Bluerock, Rodrock Corporation na pagmamay-ari ng pamilyang Hernandez na mayor ng Rodriquez at Pacific Aggregates and Quarry Corporation na pagmamay-ari naman ng dating Mayor Lopez ng Maynila.

Ang pagtatayo ng mga proyektong pang-enerhiya sa Rizal ay magsisilbi pangunahin sa patuloy na operasyon ang mga kumpanya ng *quarry*. Itatayo ang ATN-Solar Energy Project sa Sitio Lakan, Brgy. Macabud, Rodriguez na pagmamay-ari ng isang Tsinong negosyante. Ilang beses nang binalak na simulan ang pagtatayo ng proyektong ito sa lugar ngunit matagumpay itong napigilan ng lumalakas na paglaban ng magsasaka sa lugar. Hindi makapasok sa sayt ang gagamiting mga makina para sa konstruksyon.

Bukod sa ATN-Solar Energy Project, magtatayo ng Wind Power Project sa Pililia at Wawa-Violago Dam sa bahagi naman ng Uyungan at Wawa na pagmamay-ari ng Violago Group of Companies.

Isa pang tampok na proyektong gagawin sa Rizal ang Laiban Dam na aabot sa apat na bilyong piso ang badyet. Palulubugin nito ang pitong barangay sa bayan ng Tanay kabilang ang San Andres, Sto. Niño, Sta. Ynez, Mamuyaw, Cayabo, Tinucan at Laiban, at barangay ng Lumutan sa General Nakar, Quezon.

Para tiyaking nasusunod ang plano ng mga naghaharing-uri, ipinakat ang ilang armadong pwersa malapit sa mga lugar na pagtatayuan ng mga nasabing proyekto. Ipinakat ang 17th IB sa Sitio Paglitaw, Brgy. Kalawis, Antipolo City para magbantay sa itatayong Wawa-Violago Dam. May pwersang militar din na nagbabantay sa itatayong ATN-Solar Energy Project. Ginagamit din ng rehimeng US-Duterte ang 80th IB para protektahan ang mga panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador na pumupondo sa mga anti-mamamayang proyektong ito.

Tiyak na dadami na naman ang bilang ng paglabag sa karapatang-tao sa desperasyon ng malalaking negosyanteng pigilan ang pakikibaka ng

mamamayan sa lugar, ngunit tiyak rin ang opensiba ng paglaban ng mamamayan, kasama ang BHB. Ayon kay Macario “Ka Karyo” Sakay, tagapagsalita ng Narciso Antazo Aramil Command-BHB Rizal, “ang BHB ay patuloy na gagampanan ang papel nito na maglunsad ng malaganap na mga taktikal na opensiba para ipagtanggol ang interes ng mamamayan at pigilan ang pagpapatuloy ng mga anti-mamamayan at anti-kaunlarang proyektong nais gawin ng rehimeng US-Duterte sa lalawigan ng Rizal.

## BANTAY KARAPATAN



### 4 aktibista at isang NDFP consultant, iligal na inaresto

Iligal na inaresto ng militar at pulisya ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) consultant na si Adelberto Silva, 71, sa Barangay Pagsawitan, Sta. Cruz, Laguna noong Oktubre 15.

Kasama nyang inaresto sina Hedda Calderon, 63, ng Gabriela Women’s Party; Ireneo Atadero, 55, ng Kilusang Mayo Uno; Ediciel Legazpi, 60, isang magsasaka at ang drayber nilang si Julio Lusania, 53.

Kinasuhan ang mga aktibista ng *illegal possession of firearms and explosives* gamit ang mga itinanim na ebidensyang baril at pampasabog ng militar. Ibinasura ng korte ang kaso laban kina Calderon, Atadero at Legazpi noong Oktubre 18 ngunit hanggang ngayon ay hindi pa rin sila pinapalaya ng mga pasistang militar.

Mariing kinundena ng NDFP ang pag-aresto kay Silva na isa sa pangunahing kasapi ng NDFP Reciprocal Working Committee on Social and Economic Reforms. Nagsasagawa ng konsultasyon sa iba’t ibang sektor sina Silva at ang kanyang mga kasama nang sila’y arestuhin. Labag sa GRP-NDFP Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees ang ginawang pag-aresto kay Silva na konsultant ng NDFP.

### Lider-mangingisda sa Batangas, pinatay ng AFP

Walang-awang pinaslang ng mga elemento ng militar si Victor Villafranca, kasapi ng Haligi ng Batangueñong Anakdagat (HABAGAT) sa Lian, Batangas noong Oktubre 15.

Aktibo si Villafranca sa kampanya laban sa pagpapalit-gamit ng lupa at militarisasyon sa kanilang lugar.

## BALITANG TO



### AMC-NPA Quezon, binigwasan ang 92nd IB

Matagumpay ang depensa at kontra-atake ng isang platun ng AMC-NPA Quezon laban sa 92nd IBPA na nagresulta sa dalawang patay at tatlong malubhang sugatan sa pwersa ng reaksyunaryong hukbo noong Oktubre 27.

Inilunsad ang kontra-atake laban sa laking-platung tropa ng 92nd IBPA na nag-ooperasyon sa Sityo Tiklupan, Umiray, Gen. Nakar, Quezon. Tumagal ng 20 minuto ang putukan na nagsimula ng eksaktong 9:49 ng umaga. Walang kahit isang pinsala sa hanay ng Pulang hukbo.

Kasama ang nakasagupang tropa ng 92nd IBPA sa batalyong pwersa ng AFP sa Umiray, Gen. Nakar, Quezon at mga kalapit na barangay na inirereklamo ng mga magsasaka at katutubong Dumagat at Remontado.

“Ang tagumpay ng ating aksyon na ipagtanggol ang sarili at magkontra-atake ang patunay na mabibigo ang layunin ng Rehimeng US-Duterte na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa 2018 hanggang 2019,” ani Ka Eli de la Guerra, deputy spokesperson ng AMC-NPA Quezon.

### Talahulugan ng mga kaso ng paglabag sa mga pang-ekonomikong karapatan

**Kriminalisasyon ng mga kasong may kinalaman sa tunggalian sa lupa at paggawa**
Anumang aksyon na gumagamit ng pangkaraniwang krimen (hal. pagnanakaw) sa pang-aaresto, pag-iimbestiga, pagsasampa ng kaso, paglilitis o pagkukulong ng mga magbubukid o manggagawa sa halip na tugunan ang mga kasong agraryo o kaso sa paggawa na may kinalaman sa pag-iehersisyo ng karapatang sibil ng isang indibidwal.

**Demolisyon**
Anumang aksyon ng pagdedemolis ng mga bahay, panirahan, pwesto at anumang istruktura ng mga komunidad ng maralita sa lunsod at kanayunan, kahit mayroon o walang dahas na ginamit. Isinagawa nang walang sapat na konsultasyon, pabatid, relokasyon at oportunidad para sa kabuhayan at karaniwang nagreresulta sa pagkawasak ng kabuhayan ng biktima.

# BALITAAN

*Eto, mga partner, ang mainit na balita ngayong araw:*

*Pakanang destabilisasyon ng mga komunista, hindi magtatagumpay ayon sa AFP*

"Nay, laksan ko ha." Saglit na binaba ni Selin ang tasa ng kape at pinihit pataas ang bolyum ng radyo.

*Ayon kay AFP Chief of Staff Gen. Carlito Galvez, hindi dapat mag-alala ang taumbayan dahil hindi raw mapapatalsik sa pwesto si Pangulong Duterte ng nilulutong Red October Plot ng CPP-NPA at ng mga kalaban sa pulitika ni Digong.*

"Nakita nyo ba yung sumbrero ko, Nay? Yung *Mao cap*. Babaunin ko sana eh."

*Kasama raw 'yung mga strike at welga ng mga manggagawa at yung 18 eskwelahan sa conspiracy ng mga komunista. Nagbabala rin ang AFP na baka bombahin ng mga NPA ang ilang matataong lugar dito sa Metro Manila.*

*Pero bigo na raw 'yan lahat, 'yang Red October Plot, ayon sa AFP. 'Yan ang opisyal na pahayag ng AFP 'nung nakaraang budget hearing sa Senado.*

"Ayan na naman ang mga loko-loko, panay ang imbento. Eh sila nga etong nambobomba at nanakot sa mamamayan. Akala ba nila, nalimutan na natin 'yung Marawi? Eh yung mga tulad ni Kean na pinatay nila dahil sa gyera sa droga? Hindi nila mapapaikot ang taumbayan sa kolokohang 'yan... Nay, hindi ko ho talaga makita ang sumbrero ko. Patulong naman," pakiusap ni Selin sa ina.

"Paano mo mahahanap eh panay ang sagot mo 'dyan sa radyo," sagot ni Nanay.

"Tama na naman ang Nanay. Naku, minsan lang eh nadadala ako...hindi rin naman kasi sinusuri nitong reporter."

"Anong asahan mo dyan eh hindi naman 'yan Radyo Pakikibaka. Nakita ko pala 'yung sumbrero mo, nakasabit 'dun sa pinto sa kusina."

*Ang sabi pa ng AFP, mga partner, eh paano magagawa ang Red October Plot kung pasuko na raw ang mga NPA. Hindi na rin daw makarekrut ng bagong dugo ang NPA.*

"Ayun nga ang *cap*!" Dinampot ni Selin ang sumbrero at isiniksik sa bulsa ng pak.

"Kapag nandoon ka na, 'wag kang burara sa gamit. Pak ap lagi. At syempre, mag-ingat," bilin ni Nanay.

"Ang nanay talaga, laging nag-aalala. 'Wag kayong mag-iisip ng kung anu-ano ha. Nandoon naman ang mga kasama, at tiyak alaga kami ng masa."

*Syempre, sinagot 'yan ng CPP-NPA, mga partner. Ang sabi nila, gawa-gawa lang ng AFP at ni Duterte ang Red October para takutin ang mga tao. Maraming grupo ang nagrali, mga partner. Sabi nila, katulad raw ito nung ginagawa ni Marcos noon.*

"Nay, dumaan pala si Ka Lena kanina, pinaalala ang pulong nyo mamayang gabi. Mukhang may update dun sa petisyon ng grupo nyo sa lupa."

"Oo, dadalo ako dun. Ayusin mo maigi yang bag mo, baka may maiwan ka pa."

*Mga partner, ang sinasabing ebidensya ng AFP para patunayan etong Red October Plot ay recording daw ng usapan sa pagitan ng mga opisyal ng CPP, Liberal Party at Magdalo group.*

*Ano mga partner, naniniwala ba kayo sa balitang 'to?*

"Naku, puno na nga eh. Iwan ko na lang etong AB* ha. Basahin nyo ni Tatay."

"Sige, iwan mo nang makabalita naman kami tungkol sa mga kasama," sagot ni Nanay.

"Nandyan pala sa AB yung TO nina Ka Reggie nung isang linggo."

"Talaga? Sige, dalhin ko na 'to sa pulong at matutuwa sila Ka Lena sa balita."

"O, sige 'nay, alis na ako." Paalam ni Selin sabay halik sa pisngi ng ina. K

*Ang Bayan

